4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 6 (Linggo 7)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Lily Fetalsana-Apura

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

GMRC/ KUWARTER 4 / BAITANG 4

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pagtugon sa mga itinakdang situwasyon na nagbibigay-pagkakataon na ipakita ang kaniyang katapatan bilang tanda ng pagiging matapat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa<br>2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.<br>3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala. |
| **D. Nilalaman** | Mga Gawain ng Katapatan sa Pamayanan bilang Indikasyon ng Pananampalataya<br>1.Ang Birtud ng Katapatan Bilang Tanda ng Pananampalataya<br>2.Pagpapatibay ng Katapatan sa Salita at Gawa |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagpakumbaba (Humility) |
| **F. Integrasyon** | Ang Relihiyon at Ibang Paniniwala<br>Mga Wikang sa Ibang Rehiyon ng Pilipinas<br>Simpleng Pag-aaral/*Research*<br>Pamayanan |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |

Abolarin, I. & Babalola, J., 2020. Christian religious education and integrity: A case study. KOERS — Bulletin for Christian Scholarship, 85(1). Available at: https://doi. org/10.19108/KOERS.85.1.2494

Ashworth, Pat. July 2023. Honesty most important to all religious groups, survey finds. Available on line at: https://www.churchtimes.co.uk/articles/2023/7-july/news/uk/honesty-most-important-to-all-religious-groups-survey-finds.

Baker, Jessica, A Christian Perspective on Integrity in Biology research: Fostering God-Honoring motivations to encourage Integrity. Available at https://christianscholars.com/a-christian-perspective-on-integrity-in-biology-research-fostering-god-honoring-motivations-to-encourage-integrity/

Chalim, Abdul, 2019. Journal of Law, Policy and Globalization www.iiste.org ISSN 2224-3240 (Paper) ISSN 2224-3259 (Online) DOI: 10.7176/JLPG Vol.86 (2019). Available at https://core.ac.uk/download/pdf/234652184.pdf

n.a., n.d. Ang panata at Batas ng Girl Scout. Available online at https://girlscoutblogcom.wordpress.com/2016/11/29/first-blog-post/by Alyssa Lopez.

Miller, Leon, 2017. Faith, Integrity, and Integral Being. Indian Philosophical Quarterly, 2017, VLIV (1-2), pp.103-124. ffhal-01823728 Available online at https://hal.science/hal-01823728/document

n.a., n.d. Ang panata ng boy scout available online at https://scouts.org.ph/oath-and-law/.

n.a, May 30, 2021. Yahoo Poll: If you find P 1 million in cash, would you return it to its owner? Available online at: https://sg.news.yahoo.com/yahoo-poll-if-you-find-1-million-in-cash-would-you-return-owner-philippines-061738988.html.

n.a. n.d. Tree image available online at https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.istockphoto.com%2Fillustrations%2Ftree-roots-underground&psig=AOvVaw0fyEVREjJ3C8QtVd9MMFRw&ust=1709350325567000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBMQjRxqFwoTCIjT3IuP0oQDFQAAAAAdAAAAABAD

Sabater, Valeria, Jlu 29 2022. Karl Koch's Tree Test-ExploringExploring your mind. Available on line at: Kaarl KOck's Tree Test, https://exploringyourmind.com/karl-kochs-tree-test/.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Huhulaan ng klase ang sagot sa bugtong at pag-uusapan ang mga salitang may ugnay sa nakaraang leksyon:<br><br>Sa ating ekolohiya sila ay napakahalaga,<br>Makikita sa kapaligiran, sa gubat, dagat o sapa.<br>Kapag kinakailangan, buhay nila ay ibibigay,<br>Subalit sa iba sila ay walang saysay. | Sagot: Mga hayop<br><br>Bigyang pansin ang mga mahahalagang salita sa bugtong: ekolohiya napakahalaga, kinakailangan, kapaligiran, walang saysay. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatotoo sa Aralin**<br><br>Magkaroon ng isang pag-aaral. Bigyan ng papel ang mga mag-aaral kung saan isusulat na walang pangalan kung ano ang gagawin ng bawat isa. Ganito ang situwasyon:<br><br>Nangangailangan kayo ng pera dahil maliit lang ang sweldo ng tatay mo. Nakikita mong nahihirapan sa trabaho ang iyong ina. Nakakita ka ng isang bag. Mabigat ito. nang iyong tingnan ay puno ito ng pera. Ano ang gagawin mo. Dadalhin mo ba ito sa kinauukulan para maisauli sa may-ari o hindi? Isulat ang salitang **Isasauli** kung isasauli mo ito at isulat ang salitang **Hindi** kung hindi mo isasauli sa iyong papel. Walang makaka-alam ng sagot mo. Itatala sa pisara ang sagot ng buong klase.<br><br>**Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Si **Rowena Panique** ng Bantayan, Cebu ay isang ordinaryong kawani ng munisipyo. Kapos sa pera ang kaniyang pamilya. Isang araw noong 2021, siya ay nakakita ng isang sobre na naglalaman ng isang milyong peso. Walang pakundangang ipina-alam niya ito sa kaniyang opisina at mga kasamahan sa trabaho para maisauli sa may-ari.<br><br>Sa bahaging ito ang mga mag-aaral ay mag-iisip at magbabahagi ng mga karanasan o kuwento mula sa kanilang buhay o karanasan na nagpapakita ng katapatan at kahalagahan ng katapatan sa indibidwal o sa pamayanan. | Depende sa sagot ng buong klase, maaaring purihin ng guro ang klase sa pagiging tapat.<br>O di kaya ay ipapaliwanag o ikokompara ng guro ang kaibahan ng sagot ng klase sa resulta ng pag-aaral na ginawa ng Singapore YahooNews nong May 30, 2021. Ito ang resulta: 75 porsyento-Isasauli, 18 na porsyento - Hindi isasauli, 7 porsyento may ibang opinion (Yahoo Poll, 2021).<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga karanasan o kuwento mula sa kanilang buhay o nalalaman na nagpapakita ng katapatan at ang kahalagan nito sa indibidwal man o pamayanang kinabibilangan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Ang Birtud ng Katapatan Bilang Tanda ng Pananampalataya**<br><br>**I. Pagsasalaysay:** | |

Napag-alaman na ang birtud ng katapatan ang pinaka mahalagang birtud sa halos lahat ng mga relihiyon at paniniwala. Ito lang ang birtud na kinilalang pinaka-mahalaga ng mga Kristiyano, Hindu, Muslim, Hudyo, Sikh, at kahit ng mga walang relihiyon (Ashworth, 2023).

Samakatuwid, ang katapatan ay isang importanteng tanda ng pananampalataya. Ang pananampalataya o paniniwala naman ang pinanggagalingan ng mga turo ng mga birtud at mga pagpapahalaga.

Ang katapatan ay hindi lang pagsasabi ng totoo. Ito rin ay ang nagpapakita ng mabuting pag-uugali at integridad ng isang tao. Ibig sabihin ang isang taong matapat ay totoo at maaasahan sa salita at gawa. Ang batang matapat ay mapagkakatiwalaan. Gagawin niya ang makakaya hindi para parangal ng iba kundi para maging tapat sa sariling pamantayan. Ang matapat na bata ay matulungin at mabuti ang turing sa kapuwa. Maaasahang itataguyod ng matapat na bata ang kaniyang pangako. Ang paniniwala ng matapat na bata ay nakikita sa gawa. Dahil matapat, maganda ang relasyon niya sa iba. Sinisikap niyang maging totoo sa lahat ng bagay. Kaya naiiwasan ang di pagkakaunawaan. Sumusunod siya sa mga alituntunin ng paaralan at pamayanan. Siya ay responsable sa kaniyang gawaing pang pamayanan. Dahil malinis at maganda ang adhikain, mabuti siya; tagasunod man o lider. May malasakit siya sa kapuwa lalo na sa naiiba ang kalagayan sa karaniwan. Matapat siya sa mabubuting aral ng kanilang pananampalataya. Maaasahang may malasakit siya sa kaniyang bayan at ikabubuti ng pangkalahatan.

Ang birtud na ito ay naghihikayat sa isang bata na maging matapat sa pag-iisip, damdamin, at gawa. Nag-uudyok ito na tanggihan ang pagsisinungaling at pagdadaya sa sarili man o sa iba. Lalabanan ng batang matapat ang panlilinlang at pagsira sa karangalan ng iba. Kasalungat ng katapatan ang pagkukunwari. Ang katapatan ay pagpapahalaga sa moral na panuntunan at paniniwala. Ang sariling kagustuhan isinasantabi para bigyang daan ang pagsunod sa batas moral.

Dahil sa mga katangiang ito ang batang matapat ay umuunlad sa

moral na pagkatao at naihahanda ang sarili sa matagumpay na katungkulan at pagharap sa mga hamon ng buhay.

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

Tukuyin kung **Matapat** o **Di Matapat** ang mga katangian at gawa sa mga sanaysay.

_________ 1. Ang isip, salita, at gawa ay dalisay at walang pagkukunwari.
_________ 2. Gutom si Noli pero inayawan niya ang pagkain at sinabing busog pa siya dahil nahihiya siya.
_________ 3. Para walang nang tanong, sumang-ayon na lang siya, kahit ayaw niya.
_________ 4. Mapagbigay siya sa mga kaibigan niya, pero maramot sa iba.
_________ 5. Hindi siya nangopya kahit walang nagbabantay sa pagsusulit nila.
_________ 6. Hindi niya inalala ang kaniyang pangako.
_________ 7. Inamin ni Lucy na nasaktan siya ng hindi napabilang sa mga pinangaralang mag-aaral.
_________ 8. Sobra ng limang daan ang sukli pero isinauli ni Juan dahil hindi matanggap ng kaniyang konsensya na angkinin ito.
_________ 9. Walang namang nakakita kaya itinapon ko na lang sa daan ang basura.
_________10.Baka akalain ng iba na mayabang siya kaya kahit kaya at gusto, hindi siya tumakbong pangulo ng klase.

**Batayan sa sariling pagsusuri ng mga sagot:** 10 tamang sagot=Malalim ang kaalaman mo sa katapatan, 8-9=Marami kang alam sa katapatan, 6-7= May alam ka sa katapatan, 1-5 - Kailangan mo pang mag-aral ng mga tanda ng katapatan.

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ang Punong Kahoy Ko**

Ipagpalagay na ikaw ay isang kahoy. Iguhit ang iyong puno sa kahon. Ipakita o isulat sa mga ugat ng iyong puno ang mga turo ng iyong paniniwala o pananampalataya na mahalaga sa iyo. Isulat ang pinakamahalagang birtud sa

| | | |
|---|---|---|
| | karamihang pananampalataya sa punong sanga (*trunk*). Iguhit at sulatan ng mga tanda ng birtud na katapatan na gusto mong makita sa iyong sarili sa mga sanga, bunga at dahon ng iyong puno.<br><br>IKATLONG ARAW<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagpapatibay ng Katapatan sa Salita at Gawa**<br><br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang salitang katapatan ay nanggagaling sa salitang tapat. Ito ay may panlaping "ka" kasama sa hulaping "an" na tumutukoy sa isang pag-uugali na | Inaasahang maipapakita ng mga bata ang kaugnayan ng paniniwala/pananampalataya (mga ugat), katapatan bilang sentrong pagpapahalaga (punong Sanga), na nagbubunga ng mga tanda ng katapatan (mga bunga, dahon, maliliit na sanga, at bunga/bulaklak).<br><br>Ang *Koch's Tree Test* ay nagbibigay ng kaunting impormasyon ukol sa personalidad ng bata at sa pag-unlad nito (Sabater, Valeria, 2022).<br><br>Pagsuri ng Punong Kahoy:<br><br>Ang walang lupa o ugat ay maaaring indikasyon ng kakulangan emosyonal. Ang mayabong at simetrikal na anyo ng puno ay nagpapakita ng integrasyon sa pisikal at labas ng kapaligiran. Ang mga sanga, bunga at dahon ay ay posibleng kumakatawan ng antas sikolohikal (Sabater, Valeria, 2022). |

| | | |
|---|---|---|
| | kabahagi (*shared*) sa kapuwa. Kaya ang katapatan ay katangian na kaugnay sa pakikitungo sa kapuwa. Sa Pilipinong pananaw, ang ating kapuwa ay kabahagi ng ating pagkatao. Magkaugnay tayo sa isat-isa. Bahagi ng katapatan sa kulturang Pilipino ang sumusunod na mga konsepto:<br><br>1. **Pangangalaga ng ugnayan o relasyon.** Mahalaga ang katapatan sa personal na ugnayan at relasyon, kamag-anak man o pampamayanan. Kinakailangan ang katapatan sa trabaho, pamilya at kaibigan; para pagkatiwalaan at igalang ang isang indibidwal. Walang magtitiwala sa taong hindi tapat.<br>2. **Moralidad at Etika**. Sa mga Pilipino, ang katapatan ay mahalagang tanda ng moralidad at etika ng isang tao. Kinikilala at pinangangaralan ng lipunan ang mga taong tapat. Ang katapatan ay batayan ng antas moralidad ng isang tao.<br>3. **Nasyonalismo/Patriotismo at Pagmamahal sa Bayan.** Sa kulturang Pilipino, ang katapatan ay hindi limitado sa personal na ugnayan. Nakikita rin ito sa pagmamahal sa bayan. Ang bayan ang malawakang pamayanan na kinabibilangan ng indibidwal. Ang pagiging tapat sa kapuwa ay unang makikita sa pagtupad ng tungkulin sa kapuwa Pilipino. Patunay ito ng katapatan.<br>4. **Kapayapaan at katarungan.** Nakikita ang katapatan sa pagiging makatarungan at pagsusumikap na makamtan ang kapayapaan. Nauugnay ito sa pagtupad sa batas, paggalang sa karapatan ng iba, at pagsulong sa adhikain na naglalayong makamit ang kaginhawaan, kaayosan, at katahimikan ng lipunan.<br>5. **Tapat na katiwala ng Kalikasan.** Kung may magandang adhikain para sa kapuwa at sa bayan nahihimok ang indibidwal na pangalagaan ang kalikasan.<br>6. **Pagmamahal sa Diyos.** Ang katapatan sa Diyos ay naipapakita sa pagmamahal sa kapuwa, pakikilahok sa pamayanan, at pagsusumikap sa pag-unlad ng bayang kinabibilangan.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Magkakaugnay na Birtud at Katangian** | Maikling repaso/pagtataya:<br><br>1. Ano ang pinanggagalingan ng mga turo ukol sa Birtud?<br>2. Ano ang inakamahalagang birtud sa karamihang paniniwala?<br>3. Magbigay ng mga gawa na nagpapakita ng pagpapahalaga sa katapatan. |

Punan ang mga kulang na letra para mabuo ang mga magkakaugnay sa birtud at katangian. Buoin mula sa letrang pinuno. Batay sa mga letrang ito buoin ang pangunahing birtud na nag uugnay at nagtataguyod ng mga konsepto at katangiang ito.

1. __ A P __ Y A P __ __ N
2. M __ K __ B __ Y __ N
3. K __ T __ __ U N __ A N
4. __ O R __ L __ __ A __
5. P __ __ I __ I __ O
6. K __ __ I W __ __ A
7. __ A P __ K A __ A P __N G
8. __ __ L I __ __ S __ N
9. P __ M __ Y __ N __ __
10. ____________________

**IKA-APAT NA ARAW**

### III. Paglalapat at Pag-uugnay

**Pagtutugma ng Gawa at Salita**

Itugma ang mga salita sa kaliwa sa na-uugnay na gawa sa kanan ukol sa katapatan. Isulat ang tamang letra sa espasyong linaan.

| Mga Salita | Mga Gawa |
|---|---|
| ____ 1. Moralidad | A. Pagsusumikap sa ikabubuti ng kapuwa |
| ____ 2. Makatarungan | B. Batayan ng tamang desisyon at aksyon |
| ____ 3. Kapayapaan | K. Matiwasay pamumuhay at may pagkakasundo-sundo |
| ____ 4. Makakalikasan | D. Pagtanggol sa naaapi at pagkakapantay-pantay |
| ____ 5. Pakikipagkapuwa | E. Handang ipagtanggol ang bayan |
| ____ 6. Makabayan | G. Maalaga sa mga halaman at hayop |

Maaring punan ng guro ang ibang kulang na letra para matulungan ang mga mag-aaral sa pagsagot.

Mga Sagot:

1. **K**apayapaan
2. M**A**kabayan
3. Ka**T**arungan
4. Mor**A**lidad
5. Pili**P**ino
6. Katiw**A**la
7. Napaka**T**apang
8. Kalikas**A**n
9. Pamayana**N**
10. Nabuong salita **KATAPATAN**

Mga Sagot

1. B
2. D
3. K
4. G
5. A

| | | |
|---|---|---|
| | ____ 7. Katiwala H. Masinop sa paggamit ng likas yaman<br>____ 8. Pamayanan I. Paniniwala at pakikipag-ugnay sa Diyos<br>____ 9. Pagkapinuno L. Kahalobilo at kaugnayan sa lugar at tirahan<br>____ 10. Pananampalataya M. Pag serbisyo ng tapat lalo na sa nangangailangan | 6. E<br>7. H<br>8. L<br>9. M<br>10. I |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Kung Ako ay Matapat<br><br>1.Kung ako may matapat ako ay ____________________________________<br>____________________________________________<br><br>2. *(Hahanap ng kapareha at ibabahagi sa kapareha ang sagot. Silang dalawa ay sasagot sa ikalawang salaysay)* Kung siya/sila (ang tao/mga taong naiisip na dapat maging matapat) sana ay:<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>Batayan sa Pagmarka:<br><br>5/5: Litaw na litaw ang pagkatuto sa aralin sa mga sagot ng mag-aaral<br>3-4/5: May lumitaw na pagkatuto ugnay sa aralin sa mga sagot ng mag-aaral.<br><br>1-2/5: Walang lumitaw na pagkatuto ugnay sa aralin sa mga sagot ng mag-aaral.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Isang Kwento ng Hamon sa Katapatan** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mag-aaral ay magsusulat ng mga saloobin at desisyon tungkol sa pagsasanay ng katapatan ayon sa kuwento sa ibaba. Ang mga sagot ay dapat maglaman ng mga aral na natutuhan tungkol sa katapatan.<br><br>Isang araw sa tahimik na bayan ng San Pedro, lumalakad patungo sa paaralan si Remo. Nasa ikaapat siyang baitang na mag-aaral. Sa araw na ito hindi siya nakapag-almusal at kulang na kulang ang baon niyang pera. Wala kasing mailuto ang nanay niya, kaya maagang umalis ang nanay niya para magtinda sa palengke. Nagkataon na nakita ni Remo na nahulog ang isang limang daang piso galing sa bulsa ng mama na naglalakad sa unahan niya. Pinulot ito ni Remo. (Ipagpatuloy ang kwento ayon sa iyong pagmumuni kung ano ang dapat mangyari sa ating kwento ng katapatan)<br><br>Dahil gutom, naisip ni Remo na:<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Subalit, nagdadalawang isip si Remo. “Kailangan ko ang pera ang na-isip niya pero dapat yata na isauli ko ito sa mama?” naisip niya… (Ano kaya ang maaalala ni Remo sa mga aralin sa GMRC?)<br>“_______________________________________<br>_______________________________________”<br>(Ano kaya ang maiisip mo kung ikaw si Remo): “Kung isasauli ko ang pera ay ______<br>_______________________________________”<br>“Kung hindi ko naman ito isasauli ay ______________________<br>_______________________________________”<br>Tapusin ang kwento sa pagsalasay kung ano ang gagawin mo kung ikaw si Remo? Kaya ang ginawa ni Remo ay<br>______________________________________ .<br><br>**Rubrik sa Pagmarka:**<br><br>9/10: Litaw na litaw na kaalaman sa katapatan sa lahat ng sagot<br>7-8: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa apat na sagot | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5-6: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa tatlong sagot<br>3-4: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa dalawang sagot<br>1-2: May lumitaw na kaalaman sa katapatan sa isang sagot | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Ang Batang Matapat**<br><br>Mga relihiyon at (1.) P__ __ __ __ __ W __ __ __<br>Sila'y nagtuturo, dapat (2.)ISA __ __ __ __<br>Pagsabi ng (3.)__ __ __ __ O, Tanda ng (4.)P __ __ __ __ __ __ P __ __ __ __ __ __ A<br>Kakamtin natin ang buhay na (5) P __ __ __ P __<br><br>Adhikaing tapat, sa (6) B__ __ __ __ ay dapat,<br>(7.)K __ __ __ R U __ __ __ N nga ay ating ipalaganap.<br>Ang tamang (8.) E__ __ K __ ating (9.) __ __ R __ __ __ __ __ D,<br>Sugpuin ang (10.)M __ __ I, bayan ay uunlad.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Padadalhin ang mga bata ng mga larawan na nagpapakita ng mga tanda ng katapatan ng isang bata. Magdadala rin ng manila paper o lumang kalendaryo na gagawing tsart ng bawat grupo. | Kakantahin ang tula sa tono ng "Leron-Leron Sinta." Maaaring punan ng guro ang ibang puwang kapag nakita niyang hirap ang klase.<br><br>Mga sagot:<br>1. PANINIWALA<br>2. ISAGAWA<br>3. TOTOO<br>4. PANANAMPALATAYA<br>5. PAYAPA<br>6. BAYAN<br>7. KATARUNGAN<br>8. ETIKA<br>9. MORALIDAD<br>10. MALI<br><br>Gabay sa pagmarka:<br><br>9-10: Napakagaling<br><br>7-8: Magaling |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 5-6: May Galing<br>3-4: Galingan pa<br>1-2: Kailangan ng pagpapagaling |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Estratehiya*** | Angkop ba sa baitang ng mga gawaing aral?<br>Nagawa ba ng mag-aaral ang mga gawaing aral sa tamang oras? | | |
| | ***Kagamitan*** | Hindi ba naging hadlang ang kawalan ng gamit sa pagtaguyod ng mga gawang aralin? | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | Nakilahok ba ang mga mag-aaral sa mga gawain/<br>May sigla ba ang mga mag-aaral sa pag gawa ng mga ito?<br>Naging madali ba ang pagsunod ng mga mag-aaral sa mga panuto? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | Napagaralin ba ang lahat ng paksa sa nakatakdang mga araw (dalawang linggo). | | |
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |